

Sa Lahat ng mga Papasok/Babalik sa Japan

Mga Patakarán sa "14 na Araw na Panahon ng Quarantine"

Sa loob ng 14 na araw pagkatapos pumasok o bumalik sa Japan

Mag-quarantine sa inyong bahay o pasilidad ng panunuluyan (inirehistrong lugar para sa quarantine), at huwag mag-contact sa ibang tao

Magsagawa ng pag-uulat ng impormasyon ng lokasyon at kalagayan ng kalusugan araw-araw (obligasyon sa panunumpa)

Magsagawa ng mga hakbang para sa pag-iwas sa impeksyon: pagsusuot ng face mask, pagdidisimpekta ng mga kamay, pag-iwas sa 3Cs (closed space, crowded place, close contact)

Habang Nasa Japan

* Sa loob ng panahon ng quarantine, magsasagawa ng follow-up ang "Health Monitoring Center for Overseas Entrants"

* Kung masama ang pakiramdam, mangyaring makipag-ugnayan sa public health center atbp.

* Siguraduhing gamitin/isagawa ang mga setting ng sumusunod na app para sa pag-iwas sa impeksyon at para sa mahigpit na pagsunod sa mga patakarán

Araw-araw (sa loob ng 14 na araw) / Mga Gagawin Ninyo

1. Pag-uulat ng impormasyon ng lokasyon sa pamamagitan ng app para sa pagkumpirma ng impormasyon ng lokasyon (OEL)

1) Pag-log in (Pagrehistro para masimulan ang paggamit)

Pagkatapos i-install, gawin ang panimulang mga setting ng app alinsunod sa email ng patnubay sa paggamit na matatanggap hanggang sa araw na kasunod ng pagpasok sa Japan

2) Check in (Pag-uulat ng lugar para sa quarantine)

Mag-check in sa app kapag dumating sa lugar para sa quarantine sa loob ng 14 na araw

3) Button na "Nandito ngayon!" (Pagsagot sa impormasyon ng lokasyon)

Matatanggap makailang beses sa 1 araw ang notipikasyong magtatanong ng "impormasyon ng kasalukuyang lokasyon"

◇ Pindutin ang button na "Nandito ngayon!" para masagot ang impormasyon ng lokasyon



2. Pag-uulat ng kalagayan ng kalusugan (Email/Website)

Araw-araw matatanggap ang email ng pagsubaybay sa kalusugan 1 beses sa 1 araw

◇ Sundin ang patnubay na nakasulat sa email, at iulat ang kalagayan ng kalusugan (mula sa URL)



Kahit kailan kapag kailangan / Mula sa Health Monitoring Center for Overseas Entrants

3. Pagkumpirma ng kinaroroonan sa pamamagitan ng video chat app (MySOS atbp.)

1) Pag-log in (Pagrehistro para masimulan ang paggamit)

Pagkatapos i-install mula sa **QR code na para lamang dito**, gawin ang mga panimulang setting ng app

2) Pagsagot sa Video Chat

Sumagot sa video chat ng taong namamahala mula sa "Health Monitoring Center for Overseas Entrants" para sa pagkumpirma ng kinaroroonan sa inirehistrong lugar para sa quarantine



Babala: Siguraduhin lamang na sumagot kapag tinawagan kayo.

Iba pa

4. Mga setting para ma-save ang talaan ng impormasyon ng lokasyon sa smartphone

Kinailalangang setting ito para maipakita sa public health center at iba pa ang naka-save na impormasyon ng lokasyon, kung naging positibo sa COVID-19 at iba pa



(Paraan ng paggamit ng app at iba pa)
Dito ang website ng Health Monitoring Center for Overseas Entrants →

5. Paggamit ng COCOA (App para sa Pagkumpirma ng Contact sa COVID-19)

Pag-install ng app kung saan maaaring tumanggap ng notipikasyon tungkol sa posibilidad na nagka-contact sa taong positibo sa COVID-19



www.hco.mhlw.go.jp







* Kung lumabag sa panunumpa tulad ng nagpabaya sa pag-uulat ng kalagayan ng kalusugan o impormasyon ng lokasyon at iba pa, nang walang makatuwirang dahilan, maaaring ipahayag sa publiko ang pangalan (pangalan at nasyonalidad kung dayuhan) o impormasyong makakatulong sa pagpigil sa pagkalat ng impeksyon. Kung dayuhan, maaaring mapasailalim sa proseso ng pagkansela ng pahintulot sa paninirahan (residence status) at proseso ng sapilitang deportasyon batay sa Batas sa Immigration Control.

Maaaring i-install ang bawat app mula sa QR code sa ibaba.

* Kung hindi pa ninyo na-install/nagawa ang mga setting ng kinakailangang app, maaaring mas matagal kaysa sa ibang tao ang oras ng inyong paghihintay sa airport.

Kukumpirmahin ang smartphone sa airport quarantine sa oras ng pagpasok sa Japan.
Kung walang smartphone o kung smartphone kung saan hindi maaaring i-install ang mga kailangang app, sa oras ng pagpasok sa Japan, paparentahin kayo ng smartphone sa airport, sa sarili ninyong gastos.

<p>① Pag-uulat ng impormasyon ng lokasyon sa pamamagitan ng App para sa Pagkumpirma ng Impormasyon ng Lokasyon (OEL)</p>	<p>Kailangan ito upang maiulat ninyo ang impormasyon ng inyong lokasyon.</p>	<p>Play Store/App Store</p> 
<p>② Pagkumpirma ng kinaroroonan sa pamamagitan ng Video Chat App (MySOS atbp.)</p>	<p>Kailangan ito upang masagot ninyo kung nakipag-ugnayan sa video chat ang taong namamahala para magsagawa ng pagkumpirma ng kinaroroonan.</p>	<p>[QR Code na para lamang dito]</p> <p>iPhone at Android https://mysosp.page.link/sfY2kRrviv4t4eFy7</p>  <p>* I-install mula sa URL na sa itaas o i-scan ang QR code</p>
<p>③ Mga setting/Pag-save ng impormasyon ng lokasyon sa inyong smartphone (mga setting ng GoogleMaps atbp.)</p>	<p>Kailangan ito upang maipakita sa public health center atbp. ang talaan ng impormasyon ng lokasyon kung naging positibo sa COVID-19 atbp., pagkapasok sa Japan.</p>	<p>Play Store (Android)</p> <p>* Hindi kailangan ang pag-install ng app kung iPhone.</p>  <p>* Karaniwang naka-install bilang default.</p>
<p>④ Paggamit ng COCOA (App para sa Pagkumpirma ng Contact sa COVID-19)</p>	<p>Maaaring tumanggap ng notipikasyon tungkol sa posibilidad na nagka-contact sa taong may COVID-19.</p>	<p>Play Store/App Store</p> 

Ang bersyon ng OS kung saan maaaring paandarin ang mga

app na ito ay iPhone: iOS 13.5 o mas bago pa,

Android: Android 6.0 o mas bago pa.

- Maaaring abutin ng ilang oras ang pag-update ng OS. Mangyaring kumpirmahin antimano kung maaaring i-install ang kailangang app sa inyong smartphone.

Mangyaring kumpirmahin dito ang paraan para sa mga setting ng bawat app.
<https://www.mhlw.go.jp/content/000752493.pdf>

